

**Office of Superintendent of Public Instruction**  
Randy I. Dorn, State Superintendent  
600 Washington Street SE | Olympia, WA 98504  
Telepono: 360-725-6000



STATE OF WASHINGTON

**Washington Student Achievement Council**  
Gene Sharratt, Executive Director  
917 Lakeridge Way SW | Olympia, WA 98502  
Telepono: 360-753-7800

Abril 6, 2016

Minamahal na Estudyante sa High School:

Ngayong tagsibol, makikilahok ka sa mga Smarter Balanced na pagtatasa sa sining ng wikang Ingles (English language arts, ELA) at/o matematika. Ang mga pagsusulit na ito ay isang mainam na paraan upang malaman kung handa ka nang kumuha ng mga klase na pang-kolehiyo sa dalawang asignaturang iyon.

Ang score na makukuha mo ay ikakategorya sa isang "Achievement Level" (1 hanggang 4). Makakatulong sa iyo ang pag-alam ng achievement level mo sa pagpili kung aling mga kurso sa high school ang pinakamahusay na maghahanda sa iyo para sa tagumpay kapag nakatapos ka na.

Maaaring i-access, sa electronic na paraan, ng iyong paaralan ang iyong mga score pagkaraan lang ng ilang linggo matapos mong kunin ang mga pagsusulit. Makakatanggap ka ng kopyang papel ng iyong mga score sa Smarter Balanced mula sa iyong distrito ng paaralan sa Setyembre.

Kung magkakaroon ka ng score na **Level 3 o 4**, maaaring hindi ka na kumuha ng placement test at ng magagastos na remedial na klase kung mag-e-enroll ka sa kolehiyo sa taon kung kailan ka magtatapos ng high school. Mahigit 220 pambuliko at pribadong kolehiyo, unibersidad, community at technical college sa buong mundo ang nagpapahintulot sa mga estudyante na gamitin ang mga score sa Balanced upang ipakitang handa na sila para sa coursework sa kolehiyo. Para sa kumpletong listahan ng mga kalahok na kolehiyo, bisitahin ang <http://bit.ly/SBA-HigherEd>.

Kung kukuha ka ng isa o higit pang pagsusulit sa Smarter Balanced bilang isang estudyante sa ika-10 baitang at nakakuha ka ng 3 o 4, hindi mo na kailangang kunin muli ang pagsusulit na iyon bilang isang estudyante sa ika-11 baitang. Kung hindi ka makakakuha ng 3 o 4 bilang isang estudyante sa ika-10 baitang, kukunin mo ulit ang pagsusulit na iyon sa ika-11 baitang.

Kung nagkaroon ka ng score na **Level 2**, tingnan kung nag-aalok ang high school na pinapasukan mo ng kursong "Bridge to College" sa ELA o matematika. Idinisenyo ang masususing kursong pang-isang taon na ito upang ihanda ang mga estudyante sa kolehiyo at sa pagtatrabaho bago sila magtatapos sa high school. Maaari ka pa ring hindi kumuha ng mga placement test at remedial na kurso sa alinman sa 34 na pampublikong community at technical college ng Washington kung makakakuha ka ng B o mas magandang resulta sa isang Bridge course at mag-e-enroll ka sa taon kung kailan ka nakapagtapos ng high school.

Kung makakakuha ka ng score na **Level 1**, hindi ka pa handa para sa kolehiyo. Makipagtulungan sa iyong paaralan upang makuha ang iniangkop sa iyong suporta na kailangan mo. Maaaring kailanganin mong kumuha ng mga remedial na kurso kung gusto mong magkolehiyo.

Upang matuto nang higit pa, bisitahin ang [www.wsac.wa.gov/college-readiness](http://www.wsac.wa.gov/college-readiness). Kung mayroon kang mga tanong, makipag-usap sa iyong mga guro, tagapayo sa high school o direktor ng career center.

Taos-puso,

Randy I. Dorn

Tagapangasiwa ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado  
(State Superintendent of Public Instruction)  
Tanggapan ng Tagapangasiwa ng Pampublikong Pagtuturo ng Estado  
(Office of Superintendent of Public Instruction)

Gene Sharratt

Direktor na Tagapagpaganap  
(Executive Director)  
Konseho ng Pagkamit ng Estudyante ng Washington  
(Washington Student Achievement Council)